Todo-Todo Kontra Tetanus at Dipterya Bakuna i-Kumpleto

Frequently-Asked Questions

- **Ano ang Td-OPV (Tetanus-Diphtheria Oral Polio Vaccine) Supplemental Immunization Activity?**
  Ito ay pagbibigay ng libreng bakuna laban sa tetano at dipterya sa mga kababaihang may edad 15-40 taong gulang. Bibigyan din ang mga batang hindi pa umaabot ng limang taong gulang ng Oral Polio Vaccine (OPV), bakunang laban sa polio. Gagawin ang pagbabakuna sa mga probinsya ng Sulu at Basilan, Marawi at Isabela City at kasama ring ang apat na bayan ng Lanao Sur (Saguiaran, Kapai, Ditsaan-Ramain at Marantao).

- **Ano ang bakunang Td at OPV?**
  Ang bakuna ay binibigay para magkaroon ng proteksyon laban sa mga sakit. Ang Td ay panlaban sa tetano at dipterya at ang OPV ay panlaban sa polio.

- **Ano ang tetanus at neonatal tetanus?**
  Ang Tetanus ay isang malubhang karamdaman na kadalasang nakamamatay. Ito ay karaniwang nagmumula sa sugat o hiwa sa balat na kontaminado ng mikrobyong Clostridium tetani na matatagpuan sa lupa. Ang kadalasang sintomas ng tetanus ay sakit ng ulo at paninigas ng panga, kasunod ng paninigas ng batok, hirap sa paglunok, lagnat at paninigas ng buong kalamnan.
  Ang bagong silang na sanggol na walang sapat na proteksyon mula sa kanyang ina na hindi nabakunahan ay maaaring magkasakit ng Neonatal Tetanus. Kadalasang sanhi ng Neonatal Tetanus ay ang impeksyon sa pusod lalo na kung ang pagputol sa pusod ay ginamitan ng hindi malinis o sterilisadong gamit na kontaminado ng mikrobyo.

- **Ano ang dipterya?**
  Ang dipterya ay nakakahawang sakit na dulot ng mikrobyong *Corynebacterium diphtheriae*. Ang nagkakasakit ng dipterya ay kadalasang nagkakaroon ng namamagang lalamunan, nahihirapan sa paglunok at paghinga, at nagkakaroon ng puting *membrane* sa lalamunan.

- **Ano ang polio?**
  Ang polio ay nakakahawang sakit na dulot ng polio virus. Ang nakakaranas ng polio ay maaring magkaroon ng pagliit at panghihina ng kalamnan sa paa at kamay na maaaring magresulta sa pagkalumpo.

- **Bakit mga babae lang ang bibigyan ng bakunang Td?**
  Malaki ang panganib ng tetano sa kababaihan sa panahon ng panganganak, at sa mga bagong silang na sanggol. Ang Td ay magbibigay proteksyon laban sa tetanus sa pagbubuntis ng mga kababaihan at sa mga sanggol na kanilang isisilang.

- **Kailangan ko pa ba ng Td kung ako ay nabigyan na ng bakuna laban sa tetano?**
  Oo,.
  Ang tatlong doses ng Td ay magbibigay ng karagdagang proteksyon sa iyo at iyong magiging anak laban sa tetano. May karagdagang proteksyon din ito laban sa dipterya. Walang overdose sa pagbabakuna.

- **Nabigyan na ng OPV ang aking anak. Kakailanganin pa ba ang karagdagang dose ng OPV?**
  Oo.
  Ang libreng OPV ay dagdag proteksyon ng inyong mga anak laban sa sakit na polio. Walang overdose sa pagbibigay ng OPV.

- **Ligtas ba ang mga bakunang Td at OPV?**
  Ang mga bakunang ginagamit ng Department of Health ay siguradong ligtas at epektibo. Ang mga bakunang ito ay aprubado ng World Health Organization pagkatapos ng masusing pag-aaral. Epektibo at ligtas rin ang mga bakunang ito, ayon sa ibang bansang gumagamit nito.

- **Ano ang maaring maramdaman pagkatapos mabakunahan ng Td?**
  May mangilan-ngilang maaring makaramdam ng sakit ng ulo, konting lagnat, at pamumula, pamamaga, at konting sakit sa pinagbakunahan. Ang mga ito ay mga pansamantalang reaksyon sa pagbabakuna. Kung may iba pang mararamdaman pagkatapos mabakunahan, huwag mag-atubiling kumonsulta sa Health Center.

- **Ano ang preparasyon bago magpabakuna ng Td?**
  Sa araw ng pagbabakuna, siguraduhing walang mataas na lagnat. Sabihin sa health worker kung nagkaroon ng reaksyon sa dating pagbakuna laban sa tetanus. Siguraduhin din na hindi gutom bago magpabakuna.

TODO LIGTAS
MANIGURADO, MAGPABAKUNA NANG KUMPLETO.

DOH

Pag Kumpleto, Protektado

unicef